Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY SAN JUAN NOONG IKA- 16 NG AGOSTO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO .......................................... PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. .......................................... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar .......................................... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......................................... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison .......................................... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon .......................................... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas .......................................... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca .......................................... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan .......................... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Angelito U. Limjuco .......................................... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor .......................................... Kagawad

*KAPASIYAHAN BLG. 293-T'2000*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PANGALAWANG PANGULO NG BANSA GLORIA MACAPAGAL ARROYO SA PAMAMAGITAN NG PANGALAWANG PUNONG BAYAN HEIDI S. CIRIACO, NG MAPAGKALOOBAN ANG MGA SAMAHANG KABABAIHAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG ISANG MILYONG PISO (P1,000,000.00) PARA SA PROGRAMANG PANGKABUHAYAN AT PANGKALUSUGAN SA BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T,* kinikilala ng pamahalaang bayan ang bahaging ginagampanan ng sektor ng kababaihang ito bilang kabalikat sa pagsasakatuparan ng iba't-ibang programa at proyekto para sa bayan;

*SAPAGKA'T,* ang mga kababaihan, na bumubuo ng malaking antas sa bilang ng populasyon sa bayang ito ay may mga pangangailangang pangkalusugan at pangkabuhayan na dapat matugunan upang kanilang maipagpatuloy ang pagharap at pakikilahok sa pagpawi ng kahirapan;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na hilingin sa Kgg. Pangalawang Pangulo ng Bansa Gloria Macapagal Arroyo sa pamamagitan ng Pangalawang Punong Bayan Heidi S. Ciriaco, na mapagkalooban ang mga Samahang Kababaihan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P1,000,000.00 para sa programang pangkabuhayan at pangkalusugan sa bayang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Pangalawang Pangulo Gloria Macapagal Arroyo, Batasan Hills Complex, Lungsod ng Quezon; Kgg. Punong Bayan at Samahang Kababaihan, bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.
PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan